# Pag-unawa sa mga Benepisyo

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Social Security : simpleng konsepto | 1 |
| Kung ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang nagtatrabaho ka | 19 |
| Ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo | 20 |
| Mga benepisyo para sa pamilya mo | 23 |
| Kapag handa ka nang mag-aplay para sa mga benepisyo | 24 |
| Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) (SSI) na programa | 25 |
| Karapatang umapela | 26 |
| Online na Personal na "*my* Social Security" account | 26 |
| Medicare | 27 |
| Ilang mga katotohanan tungkol sa Social Security | 29 |
| Pakikipag-ugnayan sa Amin | 30 |


## Social Security : simpleng konsepto

Inaabot ng Social Security ang halos lahat ng pamilya, at sa ilang punto, inaantig ang mga buhay ng halos lahat ng Amerikano.

Tinutulungan namin ang mga mas matatandang Amerikano, trabahador na nagkaroon ng mga kapansanan, at pamilyang namatayan ng asawa o magulang. Mula Hunyo 2022, mga182 milyon angnagtrabaho at nagbayad ng buwis sa Social Security at mga66 na milyon ang nakatanggap ng buwanang benepisyo mula sa Social Security.

Mga retirado at ang mga pamilya nila ang karamihan sa aming mga benepisyaryo — mga 51 milyon noong Hunyo 2022.

Pero hindi kalanman nilayon na ang Social Security lang ang tanging pagkakakitaan ng mga tao kapag nagretiro sila. Papalitan ng Social Security ang ilang porsiyento ng kita bago magretiro ang trabahador batay sa iyong kinita sa buong buhay mo. Nag-iiba ang halaga ng katampatan mong sahod na pinapalitan ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security ayon sa mga kinita mo at kailan mo piniling magsimula ang mga benepisyo. Kung sisimulan mo ang mga benepisyo sa 2022 sa iyong "kumpletong edad ng pagreretiro" (tingnan ang aming "**Kumpletong edad ng pagreretiro**" na seksyon), nasasaklaw ng porsiyentong ito ang hanggang sa 75% para sa may napakababang kita, 40% para sa may katamtamang kita, at halos 27% para sa may pinakamataas na kita. Kung sisimulan mo ang mga benepisyo pagkatapos ng kumpletong edad ng pagreretiro, magiging mas mataas ang mga porsiyentong ito. Kung sisimulan mo ang mga benepisyo nang mas maaga, magiging mas mababa ang mga porsiyentong ito. Sinasabi ng karamihan sa mga tagapayo sa pananalapi na kakailanganin mo ng mga 70% ng kita bago magretiro para mamuhay nang komportable kapag nagretiro ka na, kabilang ang iyong mga benepisyo sa Social Security, pamumuhunan, at personal na ipon.

Gusto naming maintindihan mo kung ano ang maaaring ibig sabihin ng Social Security sa kinabukasan ng pananalapi ng pamilya mo. Ipinaliliwanag ng publikasyong ito, *Pag-unawa sa mga Benepisyo*, ang mga batayan ng Social Security sa pagreretiro, kapansanan, at mga programang insurance sa mga namatayan.

Gumagana ang kasalukuyang sistema ng Social Security nang ganito: kapag magtatrabaho ka, magbabayad ka ng buwis sa Social Security. Gagamitin namin ang buwis para bayaran ang mga benepisyo ng:

- Mga nagretiro na.
- Mga may mga kuwalipikadong kapansanan.
- Mga naiwan ng mga trabahador na namatay na.
- Mga dependent ng mga benepisyaryo.

Hindi ilalagay sa isang personal account ang perang binabayad mo sa buwis para magamit mo kapag kumuha ka na ng mga benepisyo. Gagamitin namin ang mga buwis mo para bayaran ang mga kumukuha na ng mga benepisyo ngayon. Mapupunta ang anumang hindi nagamit na pera sa mga trust fund ng Social Security, hindi sa isang personal account na nakapangalan sa iyo.

## Higit pa kaysa sa pagreretiro lang ang Social Security

Iniisip ng maraming tao na programa lang sa pagreretiro ang Social Security. Retirado ang karamihan sa mga tumatanggap ng mga benepisyo, pero tumatanggap din ng mga benepisyo ang iba dahil sila ay:

- May mga kuwalipikadong kapansanan.
- Asawa o anak ng mga kumukuha ng benepisyo.
- Diborsyadong asawa ng kumukuha o karapat-dapat para sa Social Security.
- Asawa o anak ng namatay nang trabahador.
- Diborsyadong asawa ng namatay nang trabahador.
- Dependent na magulang ng namatay nang trabahador.

Depende sa iyong mga kalagayan, maaring karapat-dapat ka para sa Social Security anuman ang iyong edad. Sa katunayan, mas marami kaming binabayarang benepisyo sa mga bata kaysa sa anumang ibang pang programa ng gobyerno.

## Ang buwis mo sa Social Security

Ginagamit namin ang buwis sa Social Securityna binabayaran mo at ng ibang trabahador para bayaran ang mga benepisyo sa Social Security.

Magbabayad ka ng buwis sa Social Security batay sa iyong kita, hanggang sa partikular na halaga. Sa 2023, ang halagang iyon ay $160,200.

### Mga buwis sa Medicare

Magbabayad ka ng buwis sa Medicare sa lahat ng kita mo o netong kita mula sa sariling pagtatrabaho. Ang mga buwis na ito ay para sa saklaw ng Medicare. May karagdagang buwis sa Medicare ang mga manggagawang mas malalaki ang kita.

| Kung nagtatrabaho ka para sa iba | Buwis sa Social Security | Buwis sa Medicare |
|---|---|---|
| Magbabayad ka ng | 6.2% | 1.45% |
| Magbabayad ang iyong employer ng | 6.2% | 1.45% |
| **Kung sarili kang nagtatrabaho** | | |
| Magbabayad ka ng | 12.4% | 2.9% |

### Karagdagang buwis sa Medicare

Magbabayad ang mga trabahador ng karagdagang 0.9% na buwis sa Medicare sa kita na lumalampas sa mga partikular na threshold. Ipinapakita ng tsart sa ibaba ang mga halaga ng threshold batay sa istado ng pagpa-file ng buwis:

| Istado ng pag-file | Halaga ng Threshold |
|---|---|
| May asawang magkasamang nagpa-file | $250,000 |
| May asawang hiwalay na nagpa-file | $125,000 |
| Walang asawa | $200,000 |
| Ulo ng sambahayan (kasama ang kuwalipikadong tao) | $200,000 |
| Kuwalipikadong naiwang asawa na may umaasang anak | $200,000 |

### Kung saan napupunta ang iyong mga buwis na dolyar sa Social Security

Sa 2023, kapag magtatrabaho ka, mga 85 sentimo ng bawat binabayaran mong buwis na dolyar sa Social Security ang napupunta sa trust fund na magbabayad sa mga buwanang benepisyo ng kasalukuyang mga retirado at kanilang pamilya at sa mga naiwang asawa at anak ng mga trabahador na namatay na. Mga 15 sentimo ang napupunta sa trust fund na nagbabayad sa mga benepisyo ng mga may kapansanan at kanilang pamilya.

Mula sa mga trust fund na ito, binabayaran din namin ang mga gastos sa pamamahala ng mga programa. Isa kami sa mga pinakaorganisadong ahensya ng pederal na gobyerno, at araw-araw kaming nagsisikap na mas pagbutihin pa ito. Sa bawat binabayaran mong buwis na dolyar sa Social Security, gumagasta kami ng mas maliit sa isang sentimo para pangasiwaan ang programa.

Ang buong halaga ng binabayaran mong buwis sa Medicare ay napupunta sa trust fund na magbabayad sa mga gastos sa ospital at kaugnay na pangangalaga para sa lahat ng mga benepisyaryo ng Medicare. Ang Centers for Medicare & Medicaid Services (Mga Sentro para sa Mga Serbisyo sa Medicare at Medicaid) ang nangangasiwa sa Medicare, hindi ang Social Security.

## Kung ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang nagtatrabaho ka

### Ang Social Security number mo

Ang iyong Social Security number ang ugnayan natin. Kailangan mo ito para makapagtrabaho at magkapagbayad ng buwis. Ginagamit namin ang iyong Social Security number para subaybayan ang kita mo habang nagtatrabaho ka at mga benepisyo mo matapos kang kumuha ng Social Security.

Huwag dalhin ang iyong Social Security card. Dapat kang mag-ingat sa pagbibigay ng iyong Social Security number sa iba. Isa ang pagnanakaw ng identity sa pinakamabilis lumago na krimen ngayon. Kadalasan, ginagamit ng mga magnanakaw ng identity ang Social Security number mo at ang maganda mong kredito para mag-aplay sa mas maraming kredito sa pangalan mo. Pagkatapos, gagamitin nila ang mga credit card at hindi babayaran ang mga bayarin.

Kumpidensyal ang Social Security number mo at mga rekord namin. Kung may humingi sa amin ng impormasyon tungkol sa iyo, hindi kami magbibigay ng impormasyon na wala ang nakasulat mong pahintulot, maliban kung kailangan o pinahihintulutan ito ng batas.

Kailangan mo bang humiling ng Social Security number, kapalit na card, o baguhin ang pangalan mo sa kasalukuyan mong card? Matutulungan ka ng aming Social Security Number at Card page sa ***www.ssa.gov/ssnumber*** (available lang sa wikang Ingles) para makahanap ng pinakamagandang paraan para makuha ang kailangan mo.

Sa page na ito, magtatanong kami ng magkakasunod na tanong para malaman kung kaya mong:

- Kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon online.
- Simulan ang proseso ng aplikasyon online, at dalhin ang anumang kinakailangang dokumento sa iyong lokal na opisina para makumpleto ang aplikasyon, karaniwan na nang mas mabilis.

Kapag nakumpleto mo na ang iyong aplikasyon (online o personal), ipapadala namin sa koreo ang card matapos naming iproseso ang aplikasyon. Hindi kami nagbibigay ng mga card sa opisina namin.

Para makakuha ng Social Security number o kapalit na card, dapat mong patunayan ang iyong pagkamamamayan ng U.S. o istado ng imigrasyon, edad, at pagkakakilanlan. Hindi na namin kailangan ng patunay ng iyong pagkamamayan ng U.S. at edad sa pagpapalit ng card kapag nasa rekord na namin ito. Tumatanggap lang kami ng mga partikular na dokumento bilang patunay ng pagkamamayan ng U.S. Kabilang dito ang iyong sertipiko ng kapanganakan sa U.S, pasaporte ng U.S., Sertipiko ng Naturalisasyon, o Sertipiko ng Pagkamamamayan. Kung hindi ka mamamayan ng U.S., kailangan naming tignan ang iyong dokumento sa imigrasyon na nagpapatunay na pinapahintulutan kang magtrabaho. Kung wala kang pahintulot sa pagtatrabaho, ibang tuntunin ang malalapat.

Para sa patunay ng pagkakakilanlan, tinatanggap namin ang kasalukuyang mga dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan, impormasyon ng pagkakakilanlan, at kasalukuyang larawan kung maaari. Ang naturang dokumento ay maaaring lisensya sa pagmamaneho o ibang card ng pagkakakilanlan na inisyu ng estado, o pasaporte ng U.S.

Para makapag-aplay sa pagpapalit ng pangalan sa Social Security card mo, dapat kang magpakita ng kamakailang inisyu na dokumento na nagpapatunay na legal na pinalitan ang pangalan mo.

Tiyaking ingatan ang iyong Social Security card. Nililimitahan namin ang bilang ng pagpapalit ng card sa 3 sa isang taon at 10 sa buong buhay mo. Hindi binibilang sa mga limitasyong ito ang mga legal na pagpapalit ng pangalan at iba pang mga iksemsyon. Halimbawa, hindi mabibilang sa mga limitasyong ito ang mga pagbabago ng istado ng hindi mamamayan na nangangailangan ng mga update sa card. Maaaring hindi malapat ang mga limitasyong ito kung mapapatunayan mong kailangan mo ang card para maiwasan ang malubhang paghihirap.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Ang Social Security Number at Card Mo* (Publication No. 05-10002). Kung hindi ka mamamayan, basahin ang *Mga Social Security Number para sa mga Hindi Mamamayan* (Publication No. 05-10096).

Libre ang aming mga serbisyo sa card. Hindi kami kailanman magpapabayad sa ibinibigay naming serbisyo sa card.

## Paano ka magiging karapat-dapat sa Social Security

Habang nagtatrabaho at nagbabayad ka ng buwis, makakaipon ka ng “mga kredito” sa Social Security. Sa 2023, makakaipon ka ng 1 kredito para sa bawat $1,640 na kita — hanggang sa pinakamataas na 4 na kredito

bawat taon. Karaniwang tumataas bawat taon ang halaga ng pera na kailangan para makaipon ng 1 kredito.

Kailangan ng karamihan sa mga tao ang 40 kredito (10 taong pagtatrabaho) para maging kuwalipikado sa mga benepisyo. Kailangan ng mga mas bata ang mas kaunting kredito para maging karapat-dapat sa mga benepisyo sa kapansanan o ang mga miyembro ng kanilang pamilya sa mga benepisyo ng namatayan kapag namatay ang trabahador.

## Ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo

Pinapalitan lamang ng mga benepisyo sa Social Security ang ilan sa mga kinita mo kapag ikaw ay nagretiro, nagkaroon ng kuwalipikadong kapansanan, o namatay. Ibabatay namin ang iyong pagbabayad sa benepsiyo sa laki ng kinita mo habang nagtatrabaho ka. Kung mas mataas ang kita sa buong buhay, mas mataas ang mga benepisyo. Kung may mga taon na hindi ka nagtrabaho, o may mababang kita, mas mababa ang halaga ng benepisyo mo kumpara sa tuloy-tuloy na pagtatrabaho.

### Mga benepisyo sa pagreretiro

Isa sa pinakamahalagang desisyon mo ang pagpili kung kailan ka magsisimulang tatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro. Kung pipiliin mong tumanggap ng mga benepisyo kapag naabot mo na ang kumpletong edad ng pagreretiro, matatanggap mo ang buong halaga ng benepisyo. Babawasan namin ang halaga ng benepisyo mo kung sisimulan mong tumanggap ng mga benepisyo bago mo maabot ang iyong kumpletong edad ng pagreretiro. Maaari ka ring patuloy na magtrabaho kahit lampas ka na sa kumpletong edad ng pagreretiro. Kung pinili mo ito, tataas ang benepisyo mo mula noong naabot mo ang kumpletong edad ng pagreretiro, hanggang sa magsimula kang tumanggap ng mga benepisyo, o hanggang sa maabot mo ang edad na 70.

### Kumpletong edad ng pagreretiro

Kung isinilang ka mula 1943 hanggang 1960, ang edad kung saan ang buong mga benepisyo sa pagreretiro ay babayaran ay unti-unting tumataas hanggang sa edad na 67. Sa 2023, kung ipinanganak ka sa 1955 pababa, karapat-dapat ka na sa iyong buong benepisyo sa Social Security. Gamitin ang tsart sa ibaba para alamin ang iyong kumpletong edad ng pagreretiro.

| Taon ng kapanganakan | Kumpletong edad ng pagreretiro |
|---|---|
| 1943-1954 | 66 |
| 1955 | 66 at 2 buwan |
| 1956 | 66 at 4 na buwan |
| 1957 | 66 at 6 na buwan |
| 1958 | 66 at 8 buwan |
| 1959 | 66 at 10 buwan |
| 1960 pataas | 67 |

***TANDAAN:*** *Kahit tumataas ang kumpletong edad ng pagreretiro, dapat ka pa ring mag-aplay para sa mga benepisyo ng Medicare3 buwan bago ang iyong ika-65 na kaarawan. Kung ipagpapaliban mo ito, maaaring mas lumaki ang gagastosin mo sa Medicaremedical insurance (Part B) at saklaw sa resetang gamot (Part D).*

### Naantalang pagreretiro

Kung ipagpapaliban mo ang pagtanggap ng mga benepisyo na lampas sa iyong kumpletong edad ng pagreretiro, tataasan namin ang benepisyo mo ng ilang porsiyento, ayon sa taon ng kapanganakan mo. Awtomatiko naming idadagdag bawat buwan ang pagtaas mula noong maabot mo ang kumpletong edad ng pagreretiro, hanggang sa magsimula kang tumanggap ng mga benepisyo o maabot ang edad na 70, alinman ang mauuna. May higit na impormasyon sa ipinagpaliban na mga kredito sa pagreretiro sa aming website sa ***www.ssa.gov/benefits/retirement/planner/delayret.html*** (available lang sa wikang Ingles).

## Maagang pagreretiro

Maaari kang magsimulang tumanggap ng mga benepisyo sa edad na 62. Babawasan namin ang mga benepisyo mo kung maaga kang magsisimula ng halos 0.5% para sa bawat buwan na magsimula kang tumanggap ng mga benepisyo bago ang iyong kumpletong edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung 67 ang iyong kumpletong edad ng pagreretiro, at nag-sign up ka para sa Social Security sa edad na 62, makakakuha ka lang ng mga 70% ng iyong buong benepisyo.

Kung nakapagdesisyon ka na kung kailan ka magsisimulang tumanggap ng mga benepisyo, makakapag-aplay ka para sa mga benepisyo ng pagreretiro sa Social Security sa aming website sa ***www.ssa.gov/retirement*** (available lang sa wikang Ingles).

## Kung ikaw ay nagtatrabaho at kumukuha ng mga benepisyo

Maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo sa pagreretiro. Ang iyong mga kinita sa buwan (o pagkatapos) na naabot mo ang kumpletong edad ng pagreretiro ay hindi magbabawas sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Sa katunayan, maaaring tumaas ang mga benepisyo mo kapag nagtrabaho ka nang lampas sa kumpletong edad ng pagreretiro. Gayunpaman, kailangan naming bawasan ang iyong mga benepisyo kapag lumampas sa ilang limitasyon ang mga kinita mo para sa mga buwan bago mo maabot ang iyong kumpletong edad ng pagreretiro.

Kung nagtatrabaho ka, pero nagsimulang tumanggap ng mga benepisyo bago ang kumpletong edad ng pagreretiro, babawasan namin ng $1 ang bawat $2 ng benepisyo na lumampas sa taunang limitasyon. Sa 2023, ang limitasyon ay $21,240.

Sa taon na maabot mo ang kumpletong edad ng pagreretiro, babawasan namin ng $1 ang bawat $3 ng benepisyo na lumampas sa ibang taunang limitasyon ($56,520 sa 2023). Magpapatuloy ito hanggang sa buwan na maabot mo ang kumpletong edad ng pagreretiro.

Kapag naabot mo na ang kumpletong edad ng pagreretiro, maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho, at hindi namin babawasan ang iyong benepisyo sa pagreretiro ng Social Security, kahit na magkano pa ang kikitain mo.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano naaapektuhan ng pagtatrabaho ang mga benepisyo mo, basahin ang *How Work Affects Your Benefits* (Paano Naaapektuhan ng Pagtatrabaho ang mga Benepisyo Mo) (Publication No. 05-10069).

***TANDAAN:*** *May ibang patakaran sa kita ang mga nagtatrabaho at tumatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security o pagbabayad sa SSI. Dapat nilang iulat kaagad sa amin ang lahat ng kanilang kita kahit pa magkano ito.*

## Mga benepisyo sa pagreretiro ng namatayan ng asawa

Kung tumanggap ka ng mga benepisyo ng namatayan ng asawa, makakalipat ka sa sarili mong mga benepisyo sa pagreretiro sa edad na 62. Maaari itong gawin kung mas malaki ang benepisyo mo sa pagreretiro kaysa sa tinatanggap mo mula sa mga kinita ng namatay mong asawa. Madalas, makakapagsimula kang tumanggap ng 1 benepisyo sa binawasang halaga at lumipat sa ibang benepisyo na buo na ang halaga kapag umabot ka na sa kumpletong edad ng pagreretiro. Kumplikado ang mga patakaran at nag-iiba ayon sa iyong kalagayan, kaya makipag-usap sa isa sa aming mga kinatawan tungkol sa mga available na pagpipilian para sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa pagreretiro, basahin ang *Retirement Benefits* (Mga Benepisyo sa Pagreretiro) (Publication No. 05-10035).

### Mga Benepisyo sa kapansanan

Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa pisikal o mental na kondisyon na inaasahang magtatagal nang hindi bababa sa 1 taon o magreresulta sa pagkamatay, maaaring karapat-dapat ka sa mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security.

Naiiba ang mga plano ng pribado o ibang ahensya ng gobyerno sa aming mga patakaran sa kapansanan. Kung kuwalipikado ka sa mga benepisyo sa kapansanan ng ibang ahensya o programa, hindi ito nangangahulugan na karapat-dapat ka rin sa mga benepsiyo sa kapansanan mula sa amin. Kung mayroon kang pahayag mula sa doktor mo na may kapansanan ka, hindi ito nangangahulugang awtomatiko ka nang karapat-dapat sa mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security, basahin ang *Mga Benepisyo sa Kapansanan* (Publication No. 05-10029). Makakapag-aplay ka para sa mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security sa aming website sa ***www.ssa.gov/benefits/disability*** (available lang sa wikang Ingles).

Ang mga mabababa ang kita at may kaunting mapagkukunan, kabilang ang mga bata at may kapansanan, ay maaaring karapat-dapat sa mga pagbabayad sa kapansanan sa pamamagitan ng programa ng SSI. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa SSI, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI)* (Karagdagang Kita sa Seguridad) (Publication No. 05-11000).

Kung magkaroon ka ng kapansanan, mag-file kaagad para sa mga benepisyo sa kapansanan, dahil madalas abutin ng ilang buwan ang proseso sa claim sa kapansanan. Maaari naming iproseso nang mas mabilis ang claim mo kung mayroon ka ng mga sumusunod na impormasyon kapag nag-aplay ka:

- Medikal na mga rekord at petsa ng paggamot mula sa mga doktor, therapist, ospital, klinika, at umaasikaso ng kaso mo.
- Resulta ng laboratoryo at iba pang resulta ng pagsusuri.
- Pangalan, address, numero ng telepono at fax ng mga doktor mo, klinika, at ospital.
- Pangalan ng lahat ng gamot na iniinom mo.
- Pangalan ng mga employer at tungkulin mo sa trabaho sa nakaraang 15 taon.

### Maaaring mabuwisan ang mga benepisyo mo

Kailangang magbayad ng buwis sa kanilang mga benepisyo ang ilan na tumatanggap ng Social Security. Mga 46% sa kasalukuyan naming mga benepisyaryo ang nagbabayad ng buwis sa kanilang mga benepisyo.

Maaaring kailangan mong magbayad ng buwis sa iyong mga benepisyo kung mag-file ka ng federal tax return bilang “indibidwal” at higit sa $25,000 ang kabuuang kita mo. Kung magpa-file ka ng joint return, maaari kang magbayad ng buwis kung higit sa $32,000 ang kabuuang kita mo at ng asawa mo. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang libreng numero ng Internal Revenue Service (Serbisyo ng Rentas Internas), **1-800-829-3676**.

## Mga benepisyo para sa pamilya mo

Kapag magsimula kang tumanggap ng mga banepisyo sa pagreretiro o kapansanan ng Social Security, maaaring karapat-dapat ding tumanggap ng mga benepisyo ang ibang miyembro ng pamilya. Halimbawa, maaaring ibayad sa asawa mo ang mga benepisyo:

- Kung 62 taon na siya o higit pa.
- Anuman ang edad niya kung inaalagaan niya ang anak ninyo (dapat wala pang 16 taon ang anak o may kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo sa Social Security sa rekord mo).

Maaaring ibayad sa mga anak mong walang asawa ang mga benepisyo kung sila ay:

- Wala pang 18 taon.

- Nasa pagitan ng 18 at 19 taong gulang, pero full-time na nag-aaral sa elementarya o sekundarya.
- Nasa 18 taon pataas at may kuwalipikadong kapansanan (dapat nagsimula ang kapansanan bago ang edad na 22).

Sa partikular na mga kalagayan, maaari din kaming magbayad ng mga benepisyo sa stepchild, apo, step na apo, o sa ampon na anak Kung naging magulang ka matapos kang magsimulang tumanggap ng mga benepisyo, ipaalam sa amin ang tungkol sa anak, para makapagpasya kami kung karapat-dapat ang anak sa mga benepisyo.

### Magkano ang makukuha ng mga miyembro ng pamilya?

Maaaring karapat-dapat sa buwanang benepisyo ang bawat miyembro ng pamilya ng hanggang sa kalahati ng halaga ng iyong benepisyo sa pagreretiro o kapansanan ng Social Security. Gayunpaman, may limitasyon sa buong halaga ng pera na maaaring ibayad sa iyo at sa iyong pamilya. Nag-iiba ang limitasyon ngunit kadalasang katumbas ito sa mga 150% hanggang 180% ng iyong benepisyo sa pagreretiro o kapansanan.

### Kung diborsyado ka

Kung diborsyado ka, maaaring kuwalipikado ang dati mong asawa sa mga benepisyo ng kinita mo. Sa ilang kalagayan, makakakuha sila ng mga benepisyo kahit na hindi ka tumatanggap nito. Para maging kuwalipikado, ang diborsyadong asawa ay dapat:

- Naging asawa mo nang hindi bababa sa 10 taon.
- Diborsyado sa iyo nang hindi bababa sa 2 taon kung hindi ka pa nag-file ng mga benepisyo.
- Hindi bababa sa 62 taong gulang.
- Walang asawa.
- Depende sa kalagayan, walang karapatan o hindi karapat-dapat sa benepisyo sa sarili nilang trabaho na katumbas o higit sa kalahati ng buong halaga sa rekord mo.

### Mga benepisyo ng mga namatayan

Kapag pumanaw ka, maaaring karapat-dapat ang pamilya mo para sa mga benepisyo batay sa trabaho mo.

Kabilang sa mga miyembro ng pamilya na maaaring kumuha ng mga benepisyo ang mga naiwang asawa na:

- 60 taon pataas.
- 50 taon pataas at may kuwalipikadong kapansanan.
- Anuman ang edad niya kung inaalagaan niya ang anak mo na wala pang 16 taon o may kuwalipikadong kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo sa Social Security sa rekord mo.

Maaari ring makakatanggap ng mga benepisyo ang mga anak mo kung wala silang asawa at:

- Wala pang 18 taon.
- Nasa pagitan ng 18 at 19 taong gulang, pero full-time na nag-aaral sa elementarya o sekondarya.
- Nasa 18 taon pataas at may kuwalipikadong kapansanan (dapat nagsimula ang kapansanan bago ang edad na 22).

Karagdagan pa, maaaring makakatanggap ang mga magulang mo ng mga benepisyo sa iyong kinita ng hindi bababa sa kalahati ng kanilang suporta kung dependent mo sila.

### Minsanang pagbabayad pagkatapos mamatay

Kung may sapat kang kredito, maaari ding gawin ang minsanang pagbabayad ng $255 matapos kang mamatay. Maaaring ibayad ang benepisyong ito sa iyong asawa o mga anak na menor de edad kung matugunan nila ang mga partikular na kinakailangan.

### Kung diborsyado ka at may naiwang dating asawa

Kung diborsyado ka, maaaring magiging karapat-dapat ang dati mong asawa sa mga benepisyo ng namatayan batay sa kinita mo kapag pumanaw ka na. Dapat siya ay:

- Hindi bababa sa 60 taong gulang (o 50 kung mayroon siyang kuwalipikadong kapansanan) at naging asawa mo nang hindi bababa sa 10 taon.
- Anuman ang edad kung inaalagaan niya ang karapat-dapat na bata para sa mga benepisyo batay sa iyong mga kinita.
- Walang karapatan sa benepisyo batay sa sarili niyang trabaho na katumbas o higit sa buong halaga ng insurance sa rekord mo.
- Kasalukuyang walang asawa, maliban kung nag-asawa siyang muli pagkatapos ng edad na 60 o 50 kung mayroon siyang kuwalipikadong kapansanan.

Hindi makakaapekto ang benepisyong ibinayad sa dating asawa sa laki ng benepisyong ibabayad sa iba pang naiwan na tumatanggap ng benepisyo.

***TANDAAN:*** *Kung pumanaw ka na at muling mag-aasawa ang dati mong asawa pagkatapos ng edad na 60, maaaring karapat-dapat siya sa mga benepisyo sa Social Security batay sa trabaho mo o sa trabaho ng bagong asawa, alinman ang mas mataas.*

### Magkano ang makukuha ng mga naiwan mo?

Makakatanggap ang mga naiwan mo ng porsiyento ng iyong pangunahing benepisyo sa Social Security — kadalasang mula 75% hanggang 100% bawat isa. Gayunpaman, may limitasyon ang halaga ng pera na maaaring ibayad bawat buwan sa isang pamilya. Nag-iiba ang limitasyon pero kadalasang katumbas sa mga 150% hanggang 180% ng laki ng benepisyo mo.

## Kapag handa ka nang mag-aplay para sa mga benepisyo

Dapat kang mag-aplay para sa mga benepisyo mga 4 na buwan bago ang petsa na gusto mong magsimula ang mga benepisyo. Kung hindi ka pa handang mag-aplay sa mga benepisyo ng pagreretiro ngunit iniisip ang tungkol dito, dapat mong bisitahin ang aming website para gamitin ang aming nagbibigay impormasyon na retirement planner sa ***www.ssa.gov/retirement*** (available lang sa wikang Ingles). Para mag-file ng mga benepisyo sa kapansanan o namatayan, dapat kang mag-aplay kaagad kung karapat-dapat ka na.

Makikita mo ang pinakamagandang paraan para makapag-aplay para sa mga benepisyo sa ***www.ssa.gov/apply*** (available lang sa wikang Ingles).

Kung may personal kang *my* Social Security account, makakakuha ka ng pagtatantya sa personal mong mga benepisyo sa pagreretiro at tignan ang mga epekto ng iba't-ibang edad ng pagreretiro kung kailan mo gustong simulang matanggap ang mga benepisyo sa pagreretiro. Kung wala kang personal na *my* Social Security account, gumawa ka sa ***www.ssa.gov/myaccount*** (available lang sa wikang Ingles).

### Kung ano ang aaplayan mo

Kung mag-a-aplay ka para sa mga benepisyo, hihilingin naming magbigay ka ng ilang dokumento. Nakadepende sa ipa-file mong benepisyo ang mga dokumentong kakailanganin mo. Ibigay ang mga dokumentong ito para mabilis naming mabayaran ang mga benepisyo mo. Dapat mong ibigay ang mga orihinal na dokumento o mga kopyang sertipikado ng nagbigay na tanggapan — hindi namin tatanggapin ang mga photocopy.

Huwag ipagpaliban ang pag-file ng isang aplikasyon dahil kulang ang mga dokumento na kailangan mo. Tutulungan ka naming kunin ang mga ito.

Ang ilang dokumento na maaaring kailanganin mo kapag magsa-sign up ka para sa Social Security ay:

- Ang Social Security card mo (o rekord ng number mo).
- Ang sertipiko ng kapanganakan mo.
- Ang mga sertipiko ng kapanganakan ng mga anak mo at mga Social Security number nila (kung nag-aaplay ka para sa kanila).
- Patunay ng pagkamamamayan ng U.S. o legal na istado sa imigrasyon kung ikaw (o isang anak) ay hindi ipinanganak sa United States.
- Ang sertipiko ng kapanganakan ng asawa mo at Social Security number kung nag-aaplay siya para sa mga benepisyo batay sa iyong mga kinita.
- Ang inyong sertipiko ng kasal (kung nagsa-sign up sa mga kinita ng asawa o nagsa-sign up ang asawa mo sa iyong mga kinita).
- Ang military discharge papers mo kung nagserbisyo ka sa militar.
- Ang pinakabago mong W-2 form, o tax return mo, kung sarili kang nagtatrabaho.

Ipapaalam namin sa iyo kung kailangan mo ng ibang dokumento kapag nag-aplay ka.

### Kung paano namin ibinabayad ang mga benepisyo

Dapat mong matanggap ang bayad mula sa iyong Social Security sa elektronikong paraan. Isang paraan na maaari mong piliin para matanggap ang mga benepisyo mo ay sa pamamagitan ng direktang deposito sa iyong account sa isang pinansyal na institusyon. Simple ang direktang deposito, at ligtas itong paraan para matanggap ang mga bayad mo. Tiyaking nasa iyo ang checkbook o account statement mo kapag nag-aplay ka. Kailangan namin ang impormasyong iyon, pati na ang routing number ng pinansyal na institusyon mo, para masiguro na mapupunta sa tamang account ang deposito sa buwanang benepisyo.

Kung wala kang account sa isang pinansyal na institusyon, o mas gusto mong tanggapin ang mga benepisyo mo sa prepaid debit card, maaari kang mag-sign up para sa programa ng Direct Express® card. Sa Direct Express®, direktang papasok sa card account ang mga bayad. Ang isa pang pagpipilian sa pagbabayad na maaari mong isaalang-alang ay isang electronic transfer account. Hahayaan ka nitong tangkilikin ang seguridad at kaginhawahan ng mga awtomatikong pagbabayad sa mababang halaga sa nakasegurong account na ito.

## Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) (SSI) na programa

Kung limitado ang kita at mapagkukunan mo (mga bagay na pag-aari mo), maaring makatulong ang SSI. Nanggagaling sa karaniwang kita ang pondo ng SSI, hindi sa buwis sa Social Security.

Gumagawa ang SSI ng buwanang pagbabayad sa mga 65 taon o higit pa o sa mga bulag o sa may kuwalipikadong kapansanan. Makakaapekto ang kita mo at ang mga pag-aari mo sa pagiging karapat-dapat mo sa SSI. Hindi namin isasaalang-alang ang ilan sa iyong kinikita at pinagkukunan sa pagpapasya kung karapat-dapat ka sa SSI. Halimbawa, karaniwang hindi isinasaalang-alang ang bahay at sasakyan mo bilang pinagkukunan. Hindi namin isinasaalang-alang ang cash, mga bank account, stock, at bond.

### Paano ka mag-aaplay sa SSI?

Bisitahin ang aming webpage na Benepisyo sa SSI sa ***www.ssa.gov/benefits/ssi*** (available lang sa wikang Ingles) para makapagpasimula ng proseso ng aplikasyon online.

Mga 5 hanggang 10 minuto lang ang proseso online, at walang dokumentong kailangan para magsimula. Kapag naibigay mo ang pangunahing mga impormasyon at sagot sa

ilang tanong, mag-iiskedyul kami ng appointment para tulungan kang mag-aplay sa mga benepisyo.

Kung hindi ka makapag-aplay online, puwede mo kaming tawagan nang libre sa **1-800-772-1213 (TTY 1-800-325-0778)** o ang iyong lokal na opisina ng Social Security para mag-iskedyul ng appointment para mag-aplay.

## Karapatang umapela

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyong ginawa sa claim mo, maaari kang umapela. Maaari mong pangasiwaan mo ang sarili mong apela kasama ng libreng tulong mula sa amin, o mapipili mong tulungan ka ng isang kinatawan. Mabibigyan ka namin ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na makakatulong sa iyong maghanap ng kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng apela at pagpili ng isang kinatawan, basahin ang *Ang Karapatan Mong Kuwestyonin ang Ginawang Desisyon sa Iyong Claim* (Publication No. 05-10058).

## Online na Personal na "*my* Social Security" account

Madali ka na ngayong makakagawa ng personal na *my* Social Security account online para suriin ang mga kinita mo at kunin ang mga pagtatantya ng benepisyo mo. Magagamit mo rin ang ligtas mong *my* Social Security account para humiling ng kapalit na Social Security number card (available sa maraming estado at distrito ng Columbia). Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo, maaari ka ring:

- Magpalit ng iyong address at numero ng telepono (mga benepisyaryo lang ng Social Security).
- Kumuha ng sulat sa pagpapatunay ng agarang benepisyo mo.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa tax season.
- Magsimula o magbago ng iyong direktang deposito (mga benepisyaryo lang ng Social Security).
- Mag-opt out sa pagtanggap ng mga abiso ng ahensya sa pamamagitan ng koreo para sa mga available online.
- Tignan ang inatasang kinatawan mo.
- Mag-ulat ng mga sahod mo kung nagtatrabaho ka at tumatanggap ng mga benepisyo sa Social Security, mga bayad sa SSI, o pareho.

Makakagawa ka ng personal na *my* Social Security account kung ikaw ay 18 taon o higit pa at mayroong Social Security number, wastong email address, at address ng koreo sa U.S. Para gumawa ng account, pumunta sa ***www.ssa.gov/myaccount*** (available lang sa wikang Ingles). Kailangan mong gumawa ng account sa isa sa aming mga kredensyal na kasosyo at sundin ang mga tuntunin para sa susunod na mga hakbang.

## Medicare

Pangunahing programa ng insurance sa kalusugan ng ating bansa ang Medicare para sa mga 65 taon pataas at para sa maraming tao na may kapansanan.

Hindi ka dapat malito sa Medicare at Medicaid. Isang programa sa pangangalaga ng kalusugan ang Medicaid para sa mga may mababang kita at limitadong mapagkukunan. Pinapatakbo ng mga tanggapan sa kalusugan at serbisyong pantao ng estado o mga ahensya ng serbisyong panlipunan ang programa ng Medicaid. Kuwalipikado sa iisang programa ang ilang tao, habang kuwalipikado ang iba sa parehong Medicare at Medicaid.

### Mga bahagi ng Medicare

Ipapatala ka ng Social Security sa Orihinal na Medicare (Part A at Part B).

- Tumutulong ang Medicare Part A (insurance sa ospital) na magbayad para sa inpatient na pangangalaga sa ospital o limitadong oras sa

isang pasilidad ng sanay na pangangalaga (kasunod ng pamamalagi sa ospital). Magbabayad din ang Part A para sa ilang pangangalaga ng kalusugan sa tahanan at hospice na pangangalaga.

- Tumutulong ang Medicare Part B (medical insurance) na magbayad para sa mga serbisyo mula sa mga doktor at ibang provider sa pangangalaga ng kalusugan, outpatient na pangangalaga, pangangalaga ng kalusugan sa tahanan, matibay na kagamitang medikal, at ilang serbisyo sa pag-iwas.
- Kabilang sa Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare) Plan (dating kilala bilang Part C) ang lahat ng mga benepisyo at serbisyo na saklaw sa ilalim ng Part A at Part B — mga resetang gamot at karagdagang benepisyo tulad ng paningin, pandinig at sa ngipin — pinag-isa sa isang plano.
- Tumutulong ang Medicare Part D (saklaw sa resetang gamot ng Medicare) sa pagsaklaw ng gastos sa mga resetang gamot.

## Sino ang karapat-dapat sa Medicare Part A?

Kumukuha ang karamihan sa mga tao ng Part A kapag umabot na sila ng 65. Awtomatiko kang kuwalipikado para dito kung karapat-dapat ka sa mga benepisyo sa Social Security o Railroad Retirement Board (Lupon ng Pagreretiro sa Railroad). O, maaaring kuwalipikado ka batay sa trabaho ng asawa mo (kabilang ang trabaho ng diborsyadong asawa). Kuwalipikado ang iba dahil empleyado sila ng gobyerno na hindi saklaw ng Social Security, pero nagbabayad ng buwis sa Medicare.

Kung kumuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security ng 24 na buwan, magiging kuwalipikado ka para sa Part A.

Kung kumuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security dahil mayroon kang amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi mo kailangang maghintay ng 24 na buwan para maging kuwalipikado.

Gayundin, kuwalipikado para sa Part A ang isa na may permanenteng pagpalya ng kidney na nangangailangan ng dialysis o kidney replacement kung sapat silang nagtrabaho ng matagal, o ang asawa o anak ng trabahador na kuwalipikado.

Kung hindi mo matugunan ang mga kailangang ito, maaaring makakuha ng insurance sa ospital ng Medicare sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang premium. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang libre naming numero o bumisita sa ***Medicare.gov*** (available lang sa wikang Ingles).

May karapatan sa Part A ang ilang tao na na-expose sa mga panganib ng kalusugan sa kapaligiran at maaaring mag-enroll sa Part B at Part D. May isang sakit na kaugnay sa asbestos ang mga taong ito at naroon sa Lincoln County, Montana ng hindi bababa sa 6 na buwan, 10 taon o higit pa bago ang diagnosis.

## Sino ang karapat-dapat sa Medicare Part B?

Halos lahat ng mga tao na karapat-dapat para sa Part A ay makukuha ang Part B. Opsyonal ang Part B at kadalasang magbabayad ka ng buwanang premium. Sa 2023, ang pamantayan na buwanang premium ay $164.90. Nagbabayad ng mas mataas na premium ang ilang mga taong may mas mataas na kita.

## Mga plano sa Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare)

Sinuman na mayroong Medicare (Kalamangan ng Medicare) Part A at Part B ay makakasali sa planong Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare). Kabilang sa mga planong Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare)ang:

- Health Maintenance Organization (Organisasyon sa Pagappanatili ng Kalusugan) (HMO) na mga plano.
- Preferred Provider Organization (Gustong Organisasyon ng Provider) (PPO) na mga plano.

- Private Fee-for-Service (Pribadong Bayad-para sa-Serbisyo) (PFFS) na mga plano.
- Special Needs Plans (Plano ng mga Espesyal na Pangangailangan) (SNPs).

Bilang karagdagan sa iyong Medicare Part B premium, maaaring kailangan mo ring magbayad ng ibang buwanang premium dahil sa dagdag na mga benepisyo na inaalok ng planong Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare).

## Sino ang makakakuha ng Medicare Part D?

Sinumang may Orihinal na Medicare (Part A o Part B) ay karapat-dapat para sa resetang gamot na saklaw ng Medicare (Part D) Available ang mga benepisyo sa Part D bilang stand-alone na plano o kasama na sa Medicare Advantage (Kalamangan ng Medicare), maliban kung mayroon kang Medicare Private Fee-for-Service (Pribadong Bayad-para sa-Serbisyo) (PFFS) na plano. Pareho ang function ng mga benepisyo sa gamot sa alinmang plano. Boluntaryo ang pagsali sa plano ng resetang gamot ng Medicare, at magbabayad ka ng dagdag na buwanang premium para sa saklaw.

## Kailan ako dapat mag-apply para sa Medicare?

Kung hindi ka pa kumukuha ng mga benepisyo, dapat kang makipag-ugnayan sa amin mga 3 buwan bago ang iyong ika-65 na kaarawan para mag-sign up para sa Medicare. Dapat kang mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi mo planong magretiro sa edad na 65.

Kung kumukuha ka na ng mga benepisyo ng Social Security o mga pagbabayad sa Railroad Retirement Board (Lupon ng Pagreretiro sa Railroad), makikipag-ugnayan kami sa iyo bago ka maging karapat-dapat sa Medicare at padadalhan ka ng impormasyon. Kung nakatira ka sa isa sa 50 estado, Washington, D.C., Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o Virgin Islands ng U.S., awtomatiko ka naming itatala sa Medicare Parts A at B.

Gayunpaman, dahil dapat kang magbayad ng premium para sa saklaw na Part B, maaari mong piliing tanggihan ito.

**Hindi** ka namin awtomatikong itatala sa plano ng resetang gamot ng Medicare (Part D). Opsyonal ang Part D at dapat mong piliin ang saklaw na ito. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Medicare, bumisita sa ***Medicare.gov*** (available lang sa wikang Ingles) o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** o numero ng TTY, **1-877-486-2048** kung ikaw ay hindi o nahihirapang makarinig.

***TANDAAN:*** *Kung hindi mag-enroll sa Part B at Part D sa unang pagkakataon na karapat-dapat ka, maaaring magbayad ka ng multa sa late enrollment habang mayroon ka nang Part B at Part D na saklaw. Gayundin, maaaring kailangan mong maghintay sa pagpapatala, na mag-aantala sa pagsaklaw.*

Hindi awtomatikong makakatanggap ng Part B ang mga residente ng Puerto Rico o banyagang mga bansa. Dapat nilang piliin ang benepisyong ito. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Medicare* (Publication No. 05-10043).

## Kung mayroon kang Health Savings Account (Account ng Ipon para sa Kalusugan) (HSA)

Kung mayroon kang HSA kapag mag-sign up ka para sa Medicare, hindi makakapag-ambag sa iyong HSA sa sandaling magsimula na ang saklaw mo sa Medicare. Kung mag-aambag ka sa iyong HSA pagkatapos magsimula ang iyong saklaw sa Medicare, maaaring magbayad ka ng multa sa buwis. Kung gusto mong patuloy na mag-ambag sa iyong HSA, dapat kang mag-aplay para sa Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (Lupon ng Pagreretiro sa Railroad) (RRB) na mga benepisyo.

***TANDAAN:*** *Magsisimula ang saklaw ng Premium-free Part A anim na buwan mula sa petsa na nag-aplay ka para sa Medicare (o mga benepisyo ng Social Security/RRB), pero hindi mas maaga kaysa sa unang buwan na naging karapat-dapat ka para sa Medicare.*

*Para maiwasan ang multa sa buwis, dapat kang tumigil sa pag-ambag sa iyong HSA nang hindi bababa sa 6 na buwan bago ka mag-aplay para sa Medicare.*

### "Dagdag na Tulong" sa mga gastusin sa resetang gamot sa Medicare

Kung limitado ang mga mapagkukunan mo at kita, maaaring kuwalipikado ka para sa *Dagdag na Tulong* para magbayad ng iyong mga resetang gamot sa ilalim ng Medicare Part D. Tungkulin namin na tulungan kang maunawaan kung paano ka magiging kuwalipikado at para iproseso ang aplikasyon mo para sa *Dagdag na Tulong*. Para malaman kung kuwalipkado ka o para magka-aplay, tawagan ang libre naming numero o bumisita sa ***www.ssa.gov/extrahelp*** (available lang sa wikang Ingles).

### Tulong sa ibang mga gastusin sa Medicare

Kung limitado ang iyong kita at kakaunti ang mapagkukunan mo, maaaring bayaran ng iyong estado ang mga premium mo sa Medicare at, sa ilang kalagayan, ibang "sariling" medikal na gastusin, tulad ng mga deductible, copayment, at coinsurance.

Tanging ang estado mo lang ang makakapagpasya kung kuwalipikado ka para sa tulong sa ilalim ng programang ito. Kung sa palagay mo ay kuwalipikado ka, makipag-ugnayan sa iyong Medicaid, mga serbisyong panlipunan, o tanggapan ng kalusugan at mga serbisyong pantao. Bumisita sa ***Medicare.gov/contacts*** (available lang sa wikang Ingles) o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227**; TTY: **1-877-486-2048)** para makuha ang kanilang numero.

## Ilang mga katotohanan tungkol sa Social Security

### Tantiyang buwanang benepisyo sa 2023 mula sa Social Security

- Lahat ng retiradong trabahador: $1,827.
- Retiradong trabahador na may matandang asawa lamang: $2,972.
- Mga trabahador na may kapansanan: $1,483.
- Mga trabahador na may kapansanan na may batang asawa at 1 o higit pang mga anak: $2,616.
- Lahat ng naiwang matatandang asawa anuman ang edad: $1,704.
- Naiwang batang asawa na may 2 anak: $3,520.

### 2023 buwanang maximum na rate ng pagbabayad ng SSI

(Hindi kabilang ang suplemento ng estado, kung mayroon)

- $914 para sa isang indibidwal.
- $1,371 para sa mag-asawa.

## Pakikipag-ugnayan sa Amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

### Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa ***www.ssa.gov*** (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).

- Humanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.
- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

### Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. – 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang oras ng paghihintay para makausap ang isang kinatawan ng Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon**. Para sa aming mga libreng serbisyo ng interpreter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security . Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang interpreter para tumulong sa iyong tawag.

Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Espanyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-05-10024-TL | January 2023
Pag-unawa sa mga Benepisyo
Understanding the Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng U.S. taxpayer